

Ang mga magulang na pumupunta sa hukuman tungkol sa kustodiya sa anak at oras ng pagiging magulang (pagbisita) ay nahaharap sa mga desisyong tungkol sa mga plano sa pagiging magulang para sa kanilang mga anak. Ang dokumento ng impormasyon na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa kustodiya sa anak at oras ng pagiging magulang na mga bagay, paano makakakuha ng tulong sa paglutas ng isang pagtatalo sa kustodiya o paggawa ng isang plano sa pagiging magulang, saan makakahanap ng isang abogado, at saan makakahanap ng ibang mga mapagkukunan.

### Ano ang isang plano sa pagiging magulang?

Ang isang plano sa pagiging magulang ay inilalarawan kung paano hahatiin ng mga magulang ang kanilang mga pananagutan para sa pangangalaga ng kanilang anak.

Ang plano ay maaaring kabilangan ng isang pangkalahatan o partikular na iskedyul ng mga araw, oras, Sabado at Linggo, piyesta opisyal, bakasyon, transportasyon, pagsusundo/paghahatid, mga limitasyon sa paglalakbay, pagpapayo, at mga serbisyo sa paggamot at ibang mga detalye.

### Paano kung mayroong karahasan sa tahanan o isang kautusan ng hukuman para sa proteksyon (protective order)?

Kung mayroong karahasan sa tahanan o isang kautusan ng hukuman para sa proteksyon (protective order), makipag-usap sa isang abogado, tagapayo, o nagrerekomandang tagapayo tungkol sa kustodiya sa anak bago gumawa ng isang plano sa pagiging magulang.

Para sa tulong sa karahasan sa tahanan, tawagan ang National Domestic Violence Hotline (Hotline ng Pambansang Karahasan sa Tahanan) sa 1-800-799-7233 (TDD:1-800-787-3224) o tawagan ang 211 kung mayroon sa inyong lugar.

### Ano ang legal at pisikal na kustodiya?

Ang isang plano sa pagiging magulang ay karaniwang kinabibilangan ng:

- **Legal na kustodiya:** paano gumagawa ng mga malaking desisyon ang mga magulang tungkol sa kalusugan ng kanilang anak, pag-aaral, at kapakanan;
- **Pisikal na kustodiya:** kung saan nakatira ang anak; at
- **Oras ng pagiging magulang, paghahati sa oras, o pagbisita:** kapag ang anak ay gumugugol ng oras sa

bawat magulang.

Ang legal na kustodiya at pisikal na kustodiya ay maaaring tukuyin ang bawat isa bilang magkasama (ang parehong mga magulang ay mayroong ilang mga pananagutan) o nag-iisa (isang magulang lamang ang mayroong pananagutan).

### **Maaari ba kaming gumawa ng sarili naming plano sa pagiging magulang?**

Oo. Mayroon kayong karapatang gumawa ng sarili ninyong plano sa pagiging magulang. Ang kasunduang ito ay maaaring tawaging isang *kondisyon, plano sa paghahati sa oras, o plano sa pagiging magulang*.

Kung parehong sasang-ayon ang mga magulang sa isang plano sa pagiging magulang, maaari itong aprubahan ng hukom. Ang kasunduan ay magiging kautusan ng hukuman pagkatapos itong lagdaan ng parehong mga magulang at ng hukom, at isasampa sa hukuman.

### **Paano kung wala kaming isang plano sa pagiging magulang?**

Kung hindi kayo magkakasundo, ire-refer kayo ng hukuman sa family court services (mga serbisyo ng hukuman sa pamilya o

FCS) para sa pamamagitan sa kustodiya sa anak na tinatawag ding “nagrerekomendang pagpapayo sa kustodiya sa anak.” Sa appointment, makikipagkita kayo sa isang propesyonal sa FCS na tinatawag ding isang “nagrerekomendang tagapayo sa kustodiya sa anak.” Tutulungan niya kayo at ang isa pang magulang na magkasundo tungkol sa isang plano sa pagiging magulang.

### **Ano ang nagrerekomendang pagpapayo tungkol sa kustodiya sa anak na may mga family court services (mga serbisyo ng hukuman sa pamilya)?**

Ang family court services (mga serbisyo ng hukuman sa pamilya) ay nagbibigay ng nagrerekomendang pagpapayo tungkol sa kustodiya sa anak para tulungan ang mga magulang na lutasin ang mga hindi pagkakasundo tungkol sa pangangalaga ng kanilang anak. Ang nagrerekomendang tagapayo tungkol sa kustodiya sa anak ay makikipagkita sa inyo at sa isa pang magulang para subukang tulungan kayo pareho sa paggawa ng isang plano sa pagiging magulang. Maaaring mayroong ibibigay ng oryentasyon na nag-aalok ng karagdagang impormasyon tungkol sa

proseso.

Kung hindi kayo magkakasundo pagkatapos makipagkita sa family court services (mga serbisyo ng hukuman sa pamilya), ang nagrerekomendang tagapayo tungkol sa kustodiya sa anak ay gagawa ng isang nakasulat na rekomendasyon sa hukuman tungkol sa plano sa pagiging magulang. Kayo at ang isa pang magulang at mga abogado (kung mayroon) ay makakakuha ng isang kopya ng rekomendasyon bago ang pagdinig ng hukuman.

Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa pakikipagkita sa isa pang magulang, o mayrong suliranin sa karahasan sa tahanan o isang kautusan ng hukuman para sa proteksyon (protective order) na kinasasangkutan ng isa pang magulang, maaari ninyong hilingin na makipagkita nang mag-isa sa nagrerekomendang tagapayo tungkol sa kustodiya sa anak nang wala ang isa pang magulang. Maaari rin ninyong hilingin na magkaroon ng isang tagasuportang tao na kasama ninyo. Hindi maaaring magsalita ang tagasuportang tao para sa inyo.

### **Kailangan ba naming magkasundo sa isang plano sa pagiging magulang kapag kami ay nagkita?**

Hindi. Hindi ninyo kailangang magkasundo.

Kapag hindi magkasundo ang mga magulang, ang hukom ang magdededisyon. Para sa legal na payo, makipag-ugnayan sa isang abogado. Para sa ibang impormasyon, tanungin ang center para sa pansariling tulong o ang family court services (mga serbisyo ng hukuman sa pamilya) tungkol sa kung paano gumagana ang proseso sa inyong hukuman.

### **Mayroon bang ibang mga paraan para malutas ang aming pagtatalo?**

Oo. Maaari ninyong subukan ang ibang mga opsyon ng alternative dispute resolution (alternatibong paglutas sa pagtatalo o ADR), kabilang ang:

**1. Makipagkita at Sumangguni:** Ang mga magulang at ang kanilang mga abogado (kung mayroon) ay maaaring magkita sa anumang oras at nang madalas kung kinakailangan upang ayusin ang isang plano sa pagiging magulang nang walang pagdinig ng hukuman. Kung mayroong isang kautusan ng hukuman para sa proteksyon (protective order) na naglilimita sa ugnayan sa pagitan ng mga magulang, kung gayon, ang “makipagkita at sumangguni” ay maaaring sa pamamagitan ng mga abogado o

isang tagapamagitan sa magkahiwalay na mga abogado o isang tagapamagitan sa magkahiwalay na mga sesyon.

**2. Pagpupulong para sa Pag-aayos:** Sa ilang mga hukuman, ang mga magulang ay maaaring makipagkita sa isang hukom, walang kinikilingang tagatasa, o mga abogado sa batas ng pamilya na hindi sangkot sa kaso upang talakayin ang pag-aayos. Tingnan sa lokal na hukuman upang malaman kung ito ay isang opsyon. Kung mayroong isang kautusan ng hukuman para sa proteksyon (protective order), ang pagtalakay sa pag-aayos ay maaaring sa pamamagitan ng mga abogado o isang tagapamagitan sa magkahiwalay na mga sesyon.

**3. Pribadong Pamamagitan:** Ang mga magulang ay maaaring umupa ng isang pribadong tagapamagitan upang tulungan silang lutasin ang pagtatalo.

**4. Nagtutulungang Proseso ng Batas:** Ang bawat magulang ay uupa ng isang abogado at sasang-ayon na lutasin ang pagtatalo nang hindi pumupunta sa hukuman. Ang mga magulang ay maaari ring umupa ng ibang mga eksperto.

## Pagdinig ng Hukuman

Kapag hindi magkasundo ang mga magulang sa isang plano sa pagiging magulang ~~sa isang plano sa pagiging magulang~~ sa kustodiya sa anak o sa anumang ibang proseso ng ADR, ang hukom ang magdedesisyon.

Kung mayroong karahasan sa tahanan o isang kautusan ng hukuman para sa proteksyon (protection order), ang isang magulang ay maaaring magdala ng isang tagasuportang tao kasama niya sa pagdinig ng hukuman, ngunit ang tagasuportang tao ay hindi maaaring magsalita para sa taong iyon.

## Saan ako makakakuha ng tulong?

Ang dokumento ng impormasyon na ito ay nagbibigay sa proseso ng kustodiya sa anak at hindi legal na payo. Kung nais ninyo ng legal na payo, humingi ng tulong sa isang abogado. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring naisin ninyong:

1. Makipag-ugnayan sa family court services (mga serbisyo ng hukuman sa pamilya).

2. Makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng batas ng pamilya o center para sa pansariling tulong para sa impormasyon, mga lokal na tuntunin at mga form ng hukuman, at mga referral sa mga lokal na tagapagkaloob ng mga legal na serbisyo.
3. Maghanap ng isang abogado sa pamamagitan ng inyong lokal na samahan ng bar, ang State Bar of California sa <http://calbar.ca.gov>, o ang Lawyer Referral Service sa 1-866-442-2529.
4. Umupa ng isang pribadong tagapamagitan para tulungan kayo sa inyong kasunduan sa pagiging magulang. Ang isang tagapamagitan ay maaaring isang abogado o tagapayo. Makipag-ugnayan sa inyong lokal na samahan ng bar, programa ng hukuman para sa ADR, o sa family court services para sa isang referral sa mga lokal na mapagkukunan.
5. Maghanap ng impormasyon sa website ng Online Self- Help Center (Online na Center para sa Pansariling Tulong) sa [www.courts.ca.gov/selfhelp](http://www.courts.ca.gov/selfhelp).
6. Para sa libre at mababang halagang legal na tulong (kung magiging kwalipikado kayo), pumunta sa [www.lawhelpcalifornia.org](http://www.lawhelpcalifornia.org).
7. Maghanap ng impormasyon sa inyong lokal na aklatan ukol sa batas o magtanong sa inyong pampublikong aklatan.
8. Humiling ng isang pagdinig ng hukuman at hayaang magdesisyon ang hukom kung ano ang pinakamabuti para sa inyong anak.

**Mga Kahilingan para sa mga Tulong**

Ang mga makakatulong na sistema sa pakikinig, aktwal na pag-caption sa tulong ng kompyuter, o mga serbisyo sa pagsasalin sa ibang wika sa pamamagitan ng mga kumpas ng kamay ay magagamit kung hihilingin ninyo ng hindi bababa sa limang araw bago ang paglilitis. Makipag-ugnayan sa opisina ng klerk o pumunta sa [www.courts.ca.gov/forms](http://www.courts.ca.gov/forms) para sa Request for Accommodations by Persons with Disabilities and Response (form na MC-410). (Kodigo Sibil, § 54.8.)